

RESULTA NG PAG-AARAL

Ang limang Resulta ng Pag-aaral ay naglalayon na matamo ang iba't-iba at komplikadong pamamaraan ng pag-aaral at pagpapaunlad ng lahat ng kabataan mula edad ng kapanganakan hanggang lima (0-5 taong gulang). Ang mga resulta ay ang sumusunod:

- **Ang mga bata ay may matibay na pagkakakilanlan sa sarili.**
- **Ang mga bata ay konektado at nag-aambag sa mundo.**
- **Ang mga bata ay may matibay na pag-unawa sa kabutihan.**
- **Ang mga bata ay may kumpiyansa sa sarili.**
- **Ang mga bata ay mabisa sa pakikipag komunikasyon.**



Image from Pixabay, used under CCO

Ang mga resulta ay malawak at maaaring obserbahan. Kinikilala na ang mga bata ay natututo sa iba't-ibang paraan at mayroong iba't-ibang abilidad at bilis sa pag-aaral. Sa paglipas ng panahon, ang mga bata ay sumasali sa iba pang kumplikadong kaalaman at karanasan sa pag-aaral na maaring magamit sa iba't-ibang sitwasyon.

Ang pag-aaral kaugnay ng mga resulta ay naiimpluwensyahan ng:

- **kapasidad, disposisyon at kagustuhan ng bawat bata**
- **pamamaraan ng mga guro at kapaligiran sa mga unang taon**
- **pagsali ng bawat pamilya at komunidad ng bawat bata**
- **ang pagsasama ng pag-aaral sa kabuuan ng resulta**

Ang pag-aaral ng bawat bata ay nagpapatuloy at bawat isa ay uunlad patungo sa hinahangad na resulta sa iba't-iba at makahulugan na pamamaraan.

Ang mga sumusunod na Resulta ng Pag-aaral ay nagpapakita kung papaano ang tatlong elemento ng Balangkas : Prinsipyo, Pamamaraan at Resulta na pinagsama-sama para magabayan ang paggawa ng desisyon at halaga ng kurikulum upang maisulong ang pag-aaral ng kabataan.

Ang mga elemento ng pag-aaral sa bawat resulta ay pinapalawak upang magbigay ng halimbawa ng ebidensya na ang mga guro ay maaaring mag-observa ng mga bata habang ito ay nag-aaral. Ang mga halimbawa ng pamamaraan upang maisulong ang pag-aaral ng mga bata ay kasama din.

Magkakaroon ng marami pang ibang paraan ang mga bata na maipakita ang kanilang mga natutunan kasama ang resulta ng pag-aaral. Ang mga tagapagturo ay naiintidihan, sumasali at isinusulong ang pag-aaral ng mga bata. Kinakausap nila ang mga pamilya at komunidad upang makabuo ng lokal na desisyon na mahalaga sa bawat bata at sa komunidad nito.

Mayroong ibinibigay na pagkakataon sa mga tagapagturo na magbigay ng mga halimbawa ng ebidensya at pamamaraan na naaayon sa kultura at konteksto ng bawat bata at kapaligiran nito. Ang bawat puntos na inilalarawa ng bawat resulta ay mahalaga sa mga kabataan anuman ang edad nito. Ang kaalaman ng bawat bata, lakas at abilidad ang maggagabay sa mga tagapagturo sa kanilang pormal na hatol upang masiguro na lahat ng bata ay sumasali sa iba't-ibang karanasan sa kabuuan ng Resulta ng Pag-aaral sa paraang mapaunlad ang kanilang pag-aaral at kaalaman.